Australian Government
Medicare Australia

Australian organ donor register

Talaan ng Naghahandog ng Bahagi ng Katawan sa Australya

Ano ang Talaan ng Naghahandog ng Bahagi ng Katawan sa Australya?

Ang Talaan ng Naghahandog ng Bahagi ng Katawan sa Australya (ang Talaan ng Naghahandog) ay pumapayag na itala ng mga tao ang kanilang desisyon tungkol sa pagiging isang naghahandog ng bahagi ng katawan o himaymay para sa paglilipat sa ibang tao pagkamatay.

Maaaring ma-access ng awtorisadong kawaning pangmedikal ang Talaan ng Naghahandog sa 24 oras araw-araw.

Tinitiyak nito na, sa oras ng pagkamatay, ang desisyong maghandog ng isang tao ay naitala at maa-access.

Boluntaryo ang pagtatala ng iyong desisyon sa Talaan ng Naghahandog at mayroon kang ganap na pagpili sa kung aling mga bahagi ng iyong katawan at himaymay na nakahanda kang maihandog. Maaaring kasangkot sa paghahandog ang:

- mga bahagi ng katawan—na kabilang ang mga bato, puso, baga, atay at lapay
- himaymay—na kabilang ang mga barbula ng puso, himaymay ng buto, himaymay ng balat at mata.

Kung hindi mo gustong maging tagahandog ng bahagi ng katawan o himaymay, maaari mo ring ipatala ang iyong desisyong huwag maghandog sa Talaan ng Naghahandog.

Bakit ko dapat isaalang-alang ang paghahandog ng mga bahagi at himaymay ng katawan?

Para sa mga taong may seryoso o nakabanta sa buhay na karamdaman, ang paglilipat ng mga bahagi o himaymay ng katawan ay maaaring mangahulugan ng panibagong pagkakataon sa buhay. Mahigit sa 30 000 mga Australyano ang nakatanggap ng mga ipinasaling bahagi ng katawan nitong nakaraang 60 taon. Ang pinahusay na mga antas ng kaligtasan ngayon ay nangangahulugang ang karamihan sa mga tumatanggap ng mga bahagi o himaymay ng katawan ay makakaasa ng lalong pinabuting kalidad na buhay. Sa pagpapasya ninyong maipatala ang desisyon ng paghahandog sa Talaan ng Naghahandog, maaari ninyong mailigtas ang buhay ng hanggang sampung katao.

Karapat-dapat ba akong magpatala?

Sinumang may edad na 16 taong gulang at higit pa at naninirahan sa Australya ay maaaring ipatala ang kanilang desisyon sa paghahandog ng bahagi ng katawan sa Talaan ng Naghahandog.

Maaaring maghandog ang sinuman ng mga bahagi at himaymay ng katawan—walang limitasyon sa edad sa paghahandog ng ilang mga bahagi at himaymay ng katawan. Bagamat isasaalang-alang ang iyong edad at kasaysayang medikal, hindi mo dapat ipagpapalagay na masyado kang bata, matanda, o hindi sapat na malusog.

Paano ako magpapatala?

Maaari kang magpatala:

- nang personal—sa isang tanggapan ng Medicare
- sa telepono—tawagan ang **1800 777 203****
- sa kompyuter—**www.medicareaustralia.gov.au**

Kung hindi mo gustong maging tagahandog ng bahagi ng katawan o himaymay, maaari mo ring ipatala ang iyong desisyong huwag maghandog sa Talaan ng Naghahandog sa parehong paraan.

Maaari ko bang baguhin ang mga detalyeng naitala sa Talaan ng Naghahandog?

Maaari mong baguhin ang anumang mga detalye mong nakatala sa talaan ng Naghahandog, kabilang na ang iyong desisyon sa paghahandog sa pamamagitan ng pagpupuno ng pormolaryo sa pagbabago ng mga detalye na makukuha mula sa anumang tanggapan ng Medicare o nang kompyuter sa **www.medicareaustralia.gov.au**

Bakit ko kailangang ibigay ang numero ng aking Medicare kard sa talaan?

Bagamat hindi ito sapilitan, sa pagbibigay ng iyong numero ng Medicare, matutulungan kaming masubaybayan ang mga detalye ng iyong tinitirhan. Kung walang mga detalye ng kasalukuyang tinitirhan, maaaring mawala ang pagkakataong makasagip ng buhay.

Dapat ko bang talakayin ang aking desisyon tungkol sa paghahandog sa aking pamilya, kapareha o mga malapit na kaibigan?

Mahalagang talakayin mo ang desisyong paghahandog ng bahagi ng katawan sa iyong pamilya, kapareha o mga malapit na kaibigan. Magiging mahalagang bahagi sila ng proseso ng paghahandog kaya kailangan mong tiyakin na alam nila ang iyong desisyong magpatala.

Maaaring tanungin sila upang kumpirmahin na hindi ka nagbago ng isip simula nang ipatala mo ang iyong desisyon. Kapag naipatala mo na ang iyong pahintulot na ihandog ang mga bahagi at/o himaymay ng katawan tatanungin ang iyong pamilya, kapareha o mga kaibigan pa tungkol sa iyong kasaysayang medikal upang matukoy kung aling mga bahagi at/o himaymay ng katawan ang nababagay para sa pagsasalin.

Kung mas maraming mga miyembro ng pamilya ang nakakaalam sa iyong desisyon tungkol sa paghahandog ng bahagi at himaymay ng katawan, mas madali para sa kanila upang matiyak na nirerespeto at magagampanan ang iyong desisyon.

Kailan maaaring maganap ang paghahandog ng bahagi at himaymay ng katawan?

Sa karamihang mga kaso, maaari lamang maghandog ang isang tao ng mga bahagi ng katawan kapag naipahayag na silang patay na-ang-utak sa isang maingat na pangangalagang yunit ng ospital. Ang pagkamatay ng utak ay kapag tumigil na ang pag-akyat ng dugo sa utak at tumigil na sa paggana ang utak at mamamatay ng walang posibilidad ng paggaling. Patutunayan sa isang serye ng mga pagsusuri na isinagawa ng dalawang nagsasarili at naaangkop na kwalipikadong mga nakatataas na mga doktor na naganap na ang pagkamatay ng utak.

Mababa sa isang porsyento ng lahat ng mga taong namamatay sa ospital ang namamatay sa ganitong paraan at samakatuwid ay maaaring ihandog ang kanilang mga bahagi ng katawan.

Nag-aalala o nalilito ang mga tao kung minsan tungkol sa pagkakaiba sa pagitan ng pagkamatay ng utak at coma. Ganap na iba ang pagkamatay ng utak mula sa coma. Ang isang pasyenteng nasa coma ay walang malay dahil napinsala ang kanilang utak sa ilang paraan, ngunit patuloy na gumagana ang kanilang utak at maaaring gumaling. Maaaring malinaw na ipakita ng mga medikal na pagsusuri ang pagkakaiba sa pagitan ng pagkamatay ng utak at coma.

Mas maraming tao ang may pagkakataong maghandog ng himaymay para sa pagsasalin tulad ng himaymay ng mata, mga barbula ng puso, himaymay ng buto at himaymay ng balat. Ito ay dahil hindi nangangailangan ang paghahandog ng himaymay ng katawan ng kaparehong mga sitwasyon tulad ng sa mga bahagi ng katawan para maging matagumpay ang pagsasalin.

Paano inaalis ang mga bahagi at himaymay ng katawan?

Ang pag-aalis sa mga bahagi at himaymay ng katawan ay hindi naiiba sa anumang iba pang operasyon at isinasagawa ng mga lubos na dalubhasang propesyonal. Palaging tinatratong may dignidad at respeto ang katawan ng naghahandog. Ang paghahandog ng mga bahagi at himaymay ng katawan ay hindi nagpapabago sa pisikal na hitsura ng katawan, o naaapektuhan ang mga kasunduan sa paglilibing.

Listahan ng buod

- Itala ang iyong desisyon sa paghahandog ng bahagi at/o himaymay ng katawan sa talaan.
- Makipag-usap sa iyong pamilya upang matiyak na alam nila ang iyong kahilingan.

Para sa karagdagang impormasyon sa Talaan ng mga Naghahandog

Online	**www.medicareaustralia.gov.au**
Email	**aodr@medicareaustralia.gov.au**
Tumawag sa	**1800 777 203****
TTY	**1800 552 152**** (Sa may kapansanan sa pandinig at pagsasalita)
TIS	**131 450*** (Serbisyo ng Salinwika at Interpreter)

*May mga singil sa pagtawag.

**May mga singil sa pagtawag mula sa mobile at mga pay phone lamang.

Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa paghahandog ng bahagi at/o himaymay ng katawan

New South Wales

Level 6, 4 Belgrave Street

Kogarah NSW 2217

Tumawag sa **02 8566 1700**

Australian Capital Territory

Canberra Hospital

Yamba Drive, Garran ACT 2605

Tumawag sa **02 6244 3071**

South Australia

Level 6, 45 Grenfell Street

Adelaide SA 5000

Tumawag sa **08 8207 7117**

Northern Territory

1st floor, Royal Darwin Hospital

Rocklands Drive, Tiwi NT 0810

Tumawag sa **08 8922 8786**

Victoria

538 Swanson Street

Carlton VIC 3053

Tumawag sa **03 9349 4762**

Queensland

Level 4, Building 1

Princess Alexandra Hospital

Ipswich Road, Woolloongabba QLD 4102

Tumawag sa **07 3240 2350**

Western Australia

6th floor, Albert Facey House

469 Wellington Street, Perth WA 6000

Tumawag sa **08 9222 0222**

Tasmania

Level 3, Hobart Corporate Centre

85 Macquarie Street, Hobart TAS 7000

Tumawag sa **03 6270 2209**

Australian Organ and Tissue Authority

Level 5, 51 Allara Street

Canberra City ACT 2600

Tumawag sa **02 6198 9800**

1577_18d.04.11.09